

Pangunahing Kaalaman Tungkol sa Paglilikas

- Mga Kinakailangan sa Paglikas (Panahon ng Pagtakas sa Kalamidad-

Mga Kalamidad na Nangyayari sa Seto (Lindol, Bagyo at Baha)

Lindol Umaalog at yumayanig ang lupa. Walang nakakaalam kung kailan dumarating ang lindol. Ang malalaking lindol na dumadating sa Lungsod ng Seto ay:

<Uring Direkta sa Ibaba> ... Ito ay mapanganib dahil ang mababaw na parte ng lupa ay uugoy pataas at pababa at yayanig.

Mangyayari ang biglaan at malakas na pag-alog at pagyanig na magpapatuloy mula 10 segundo hanggang 20 segundo.

May Sanagehoku Fault na nagdudulot ng lindol na direktang sa ibaba sa Lungsod ng Seto. <Tokai na Lindol/Tonankai na Lindol> ... Magsisimulang yayanig ang kailaliman ng dagat sa Pacific Ocean. Dahil malayo ang distansiya mula sa lugar kung saan unang yumanig at sa Lungsod ng Seto, yayanig ang lupa nang malawak at patagilid nang mula 1 minuto hanggang 2 minuto.

Ito ay 80% nangyayari sa loob ng 30 taon.

* Pagkatapos ng malakas na pagyanig ng lupa sa isang lindol, maaaring mangyari ang sunog (pagsunog ng bahay o gusali).

Maaaring hindi makarating ang mga fire truck dahil sa mga natumbang bahay at puno sa mga daan.

Bagyo at Baha Malakas ang unos ng hangin sa panahon ng bagyo. Malakas rin ang ulan.

Maaaring malaman kung darating ang bagyo mula sa radyo at telebisyon.

*Kapag may malakas na bagyo, lilipad ang mga bagay na nasa labas ng iyong bahay.

Matutumba ang mga puno at poste ng kuryente. Lilipad ang mga bubong. Mapanganib sa panahong ito.

*Kapag malakas ang ulan, babaha ng tubig sa mga daan. Maaari ring dumaloy papunta sa mga bahay ang tubig. Kasamang dadaloy ang lupa at bato kaya't mapanganib ito.

Sa panahon ng lindol

<Kapag nasa loob ng gusali o bahay>

- Maging kalmado.
- Protektahan ang katawan.
(Pumasok sa ilalim ng mesa at protektahan ang iyong ulo.)
- Huwag agarang lumabas sa gusali o bahay.
- Patayin ang anumang apoy.
- Ligtas ba ang iyong pamilya?
- Manood ng tv at makinig sa radyo.
- Kung nasa bahay, magsuot ng sapatos o tsinelas.
- Buksan ang mga pinto at bintana.

<Kapag nasa labas>

- Maging maingat sa mga bagay na nahuhulog mula sa itaas (salamín o kristal, mga karatula).
- Lumikas patungo sa isang malawak na lugar.

<Kapag huminto na ang pagyanig ng lindol>

Maaaring dumating ang mga aftershock. Mag-ingat.

- Patayin ang apoy sa mga range, stove, at gas na kalan.
- Makinig sa balita sa telebisyon at radyo.
- Patayin ang breaker ng kuryente.
- Isara ang pangunahing gas valve.
- Lumakad para lumikas. Huwag gumamit ng kotse.
- Lumikas sa malawak na lugar.
- Kapag may sunog, makipagtulungan upang patayin ang apoy.

Makipagtulungan tayo sa mga kapitbahay natin sa ating komunidad.

Sa panahon ng bagyo at baha (Malakas na ulan at bagyo)

<Pagguho ng Lupa at Pagdaloy ng Putik>

Kapag malakas ang ulan, lumalambot ang lupa kaya't nangyayari ito. Napakamapanganib lalung-lalo na kung may “Babala sa Pagguho ng Lupa at Pagdaloy ng Putik”, kung kaya't makinig sa impormasyon sa lagay ng panahon sa telebisyon, radyo, at internet.

Kahit na walang abiso para “Maghanda sa Paglikas”, kung sa tingin mo na may panganib, kaagad tumakas. Sa panahon ng paglikas, pagbigyang-alam rin ang mga taong nasa iyong paligid. Sama-samang tumakas papunta sa isang ligtas na lugar.

<Sa panahon ng kalamidad>

Kapag napag-alaman mo mula sa telebisyon at radyo na may darating na malakas na ulan, at kung magbibigay ng babala ang City Hall na kagaya nang sa ibaba, agaran tayong lumikas.

Payo sa Paglikas ⇒	Mangyaring lumikas.
Utos na Lumikas ⇒	Napakamapanganib, agaran at siguraduhing lumikas.

Babala at Alerto sa Malakas na Ulan

Sa isang “**Babala sa Malakas na Ulan**”, magbabalita sa telebisyon at radyo kung may malakas at mapanganib na ulan.

Sa isang “**Alerto sa Malakas na Ulan**”, malakas ang darating na ulan at may dala iyong panganib. Mapanganib ang mga mabababang lugar kung saan dadaloy ang maraming tubig. Mapanganib ang pagmamaneho ng kotse. Magbibigay ng babala sa telebisyon at radyo na “mag-ingat”.

Babalang Impormasyon sa Pagguho ng Lupa at Pagdaloy ng Putik

Ang “**Babalang Impormasyon sa Pagguho ng Lupa at Pagdaloy ng Putik**” ay ibabalita pagkatapos ng “Abiso sa Malakas na Ulat/Babala sa Malakas na Ulan”, at ipagbibigay-alam sa telebisyon at radyo kapag maraming gumuhong bundok at daan.

Mag-ingat talaga!

- Magiging maputik ang mga ilog. Dadaloy pati mga kahoy.
- Kahit na malakas ang ulan, kaunti lang ang tubig sa ilog.
- Maraming bato ang nahuhulog mula sa mga talampas.
- May tubig na lumalabas mula sa mga bundok o mga biyak ng bundok.

Kapag naobserbahan mo ang mga pangyayaring ito, tumawag kaagad sa City Hall (0561-82-7111. At pagkatapos, agarang lumikas.

Kung sa tingin mo ay mapanganib ang sitwasyon, agarang lumikas!

Maghanda –Makipag-usap at makipagtalakayan sa kapamilya-

<**Lugar na Paglilikasan** (Lugar kung saan tatakas ang lahat ng tao) at **Daan sa Paglikas**>

- Lugar na Paglilikasan (Lugar kung saan tatakas ang lahat ng tao)
- Pansamantalang Pagtitipunang Lugar (Lugar kung saan unang magtitipon ang lahat)
- Subukang lakarin ang daan papunta sa lugar na paglilikasan nang kahit isang beses.

*Mayroon bang mapanganib na daan?

*Mayroon bang mapanganib na gusali?

<Suriin ang loob at labas ng bahay!>

- Huwag maglagay ng mabigat na bagay sa mataas na lugar.
- Huwag maglagay ng mapanganib na mga bagay sa veranda.
- Ipirmi ang mga muwebles upang hindi matumba.


Mga Bagay na Dapat Malaman –Balita sa Panahon ng Kalamidad (Lindol, Malakas na Ulan at Bagyo)-

Ang mga “balita tungkol sa kalamidad (lindol, malakas na ulan, at bagyo)” ay ipinagbibigay-alam sa telebisyon, radyo, computer, cellphone, at nagbabalitang kotse.



Telebisyon


Ibabalita sa telebisyon kapag may kalamidad na nangyayari. Maging maingat at manood ng balita.



Radyo

Ang mga abisong galing sa Lungsod ng Seto ay ibabalita sa RADIO SAN Q). Makinig sa FM 84.5 MHz ng radyo.

Ang anumang tungkol sa Aichi ay ibabalita sa **NHK Radio Dai1** na nasa AM 729 kHz. Maaaring awtomatikong maririnig ang Seto City Disaster Prevention Radio sa panahon ng kalamidad. Ang **NHK Radio Dai2** ay nasa AM 909 kHz, at maaaring makarinig ng balita sa Ingles, wikang Insik, at Portuguese.



Computer

Maaaring makibalita sa Internet.

Kung ilalagay sa fave ng computer ang “Seto City Website” (<http://www.city.seto.aichi.jp/>), maaaring mapanood ang “impormasyon sa kalamidad” anumang oras.



Cellphone

Nagbabalita ng impormasyon ang “Email Pangkaligtasan at Seguridad ng Lungsod ng Seto”. Kapag magpapadala ng email sa seto@sg-m.jp, ipapadala sa iyo ang pahina sa pagpaparehistro. Hindi kailangang magbayad.



Nagbabalitang kotse

Isang kotse ng Lungsod ng Seto ang tataakbo sa mga daan upang magdala ng balita.

Mangyaring makinig nang mabuti.

Mga salita sa panahon ng kalamidad

Sa order ng alpabetong Hapon

Pansamantalang Pagtitipunang Lugar <i>Ittoki shugo basho</i>	Lugar kung saan unang magtitipon ang lahat kapag lilikas
Babala sa Malakas na Ulan <i>Oame chuiho</i>	Magbabalita na may “Malakas na ulan na darating”.
Alerto sa Malakas na Ulan <i>Oame Keiho</i>	Magbabalita na “Darating ang malakas na ulan at mapanganib ito”.
Sunog <i>Kaji</i>	Nasusunog ang mga bahay at gusali.
Balita sa Lagay ng Panahon <i>Kisho joho</i>	Nagbabalita sa lagay ng panahon.
Alerto <i>Keiho</i>	Nagbabalita na “mapanganib” at “maging maingat”.
Kalamidad <i>Saigai</i>	Lindol, malakas na ulan, bagyo, sunog, atbp.
Lindol <i>Jishin</i>	Kapag yumayanig at umaalog ang lupa nang pataas at pababa at patagilid.
Fire truck <i>Shobosha</i>	Sasakyang papatay ng apoy.
Lindol sa Direktang sa Ibaba <i>Chokkagata Jishin</i>	Yayanig at aalog ang ibaba ng lugar na tinitirhan.
Babala sa Pagguho ng Lupa at Pagdaloy ng Putik <i>Dosha saigai keikai joho</i>	Nagbabala na “nahuhulog ang lupa at bato, at mapanganib ito”.
Paglilikas <i>Hinan</i>	Pagtakas o paglilikas sa panahon ng kalamidad.
Alerto sa Paglikas <i>Hinan kankoku</i>	Nag-aabiso na “lumikas kaagad”.
Drill o Pagsasanay sa Paglilikas <i>Hinan kunren</i>	Pagsasanay sa paglilikas.
Paghahanda sa Paglilikas <i>Hinan jumbi</i>	Paghahanda sa pagtakas o paglikas.
Lugar na Paglilikasan <i>Hinan basho</i>	Lugar kung saan tatakas o lilikas
Bagyo at Baha <i>Fusuigai</i>	Mapanganib na panahon na nangyayari kapag may malakas na hangin at malakas na ulan.
Aftershock <i>Yoshin</i>	Lindol na dumadating pagkatapos ng pangunahing lindol.

<Fire Station> **1 1 9**

Tawagan kung biglaang nagkaroon ng malaking aksidente, kung nagkasakit o kung may sunog.

<Pulis> **1 1 0**

Tawagan kung may aksidente sa trapiko o krimen na nangyayari.

<City Hall ng Lungsod ng Seto>> **0561-82-7111**

64-1 Oiwakecho, Seto-shi, Aichi 489 - 8701

< International Center ng Lungsod ng Seto> **0561-88-2790**

3F PartiSeto, 45 Sakaemachi, Seto-shi, Aichi 489-0044

Pangunahing Kaalaman Tungkol sa Paglilikas

- Mga Kinakailangan sa Paglikas (Panahon ng Pagtakas sa Kalamidad-

International Center ng Lungsod ng Seto

3F PartiSeto, 45 Sakaemachi, Seto-shi, Aichi 489-0044

Telepono : 0561 - 88 - 2790 FAX : 0561 - 97 - 1171

E - mail : setokoku@gctv.ne.jp

URL : <http://www.gc-net.jp/scic/>